Mga nilalaman:


Ipagtanggol ang West Philippine Sea- P5
Magkaisa para labanan ang pahirap na estado- P7
Ang hatol ng mga Palaweño sa unang taon ni Marcos II- P9
Deklarasyong *insurgency free* sa Palawan, hungkag- P11
Kasaysayan ng pananalasa ng mga plantasyong *oil palm* - P12
PKP, kinundena ang presensya ng US Poseidon sa WPS- P14
Ani Ka Andrei: pagtatanggol sa soberanya- P17
Pulang Saludo: Ka Selnon- P19

# Ang Pulang Larangan

TOMO VIII BLG.3 REBOLUSYONARYONG PAHAYAGANG MASA SA PALAWAN HULYO-SETYEMBRE 2023

## Isulong ang digmang bayan para sa pambansang kalayaan at demokrasya! Labanan ang tahasang panyuyurak ng imperyalismong US at China!

Sa pinalawak at pinatitinding presensyang militar ng dalawang nagtutunggaliang imperyalistang kapangyarihang US at China sa West Philippine Sea (WPS) at rehiyong Indo-Pacific, tahasan nitong niyuyurakan ang pambansang soberanya ng Pilipinas. Patuloy na naiipit ang bansa sa tensyon at ribalan nila. Bahag ang buntot ng rehimeng US-Marcos II sa nagpapatuloy at tumitinding pang-aagaw at pag-aangkin ng imperyalismong China sa mga soberanong teritoryo ng Pilipinas sa WPS, kaalinsabay nito ang tahasang pagpapaubaya ng rehimen sa amo nitong imperyalistang US na tayuan ng mga base militar nito ang Pilipinas.



Nakapagngangalit para sa mamamayan ng Palawan at ng bansa ang mga agresibong aksyon na isinagawa ng China laban sa mga sasakyang-pandagat ng Pilipinas. Nagdulot ng malaking panganib sa buhay ng mga Pilipinong inatake ang naganap na pambobomba ng tubig na isinagawa ng barko ng *coast guard* ng China laban sa mas maliit na bangkang pansuplay at sasakyang pandagat ng *coast guard* ng Pilipinas sa Ayungin Shoal. Higit pa rito ang pinatinding presensyang militar ng China sa South China Sea (SCS) kung saan nagpapatuloy ang pagdumog ng daan-daang sasakyang pandagat at milisya nito sa mga isla ng Palawan sa WPS.

Bukod sa pagwawasiwas ng China ng presensyang militar nito sa WPS, patuloy din nitong dinarambong ang mga rekursong dagat ng bansa sa iligal na pangingisda, pangungulekta ng mga koral sa Iroquois Reef (Rozul Reef) at Sabina Shoal at hindi awtorisadong pagsasagawa ng mga syentipikong pagsasaliksik sa karagatan ng WPS. Ang pinakabulnerable sa mga agresyon ng China tulad ng pandarahas at pananaboy ng mga armadong sasakyang pandagat nito ay ang maliliit na mangingisdang Pilipinong nakaasa ang araw-araw na ikabubuhay sa paglaot at pangangalap ng mga lamang-dagat.

Ang malala pa, duwag ang rehimeng Marcos II, usad-pagong at kapos ang mga aksyon nito laban sa panghihimasok ng China at sa katunaya'y walang mas aktibo at komprehensibong hakbangin upang harapin ang paglalapastangan ng China. Kumbaga, pitik lamang ang nagagawa ng reaksyunaryong gubyerno sa malalakas na suntok ng China sa bansa. Walang pangil ang mga diplomatikong protestang inihapag ng reaksyunaryong gubyerno laban sa pagbabalewala ng China sa panalo ng Pilipinas sa *ruling* ng Permanent Court of Arbitration ng United Nations Convention on the Law Of the Sea noong Hulyo 2016. Sa kabilang banda, tila maamong tupang sinusunod lamang ng rehimen ang mga kumpas ng imperyalismong US at ipinauubaya sa pinatitinding presensyang militar ng US ang kinabukasan ng soberanya ng bansa.

Higit na mapanganib para sa bansa ang paggamit ng imperyalismong US sa nagpapatuloy na agresyon ng China upang gawing tuntungan para patindihin pa ang panghihimasok nito sa Pilipinas. Ipinamamarali ng US at mga tuta nito na kailangan umano ng bansa ang tulong ng US para magtanggol o pigilan ang pang-aagaw ng China sa mga karagatang saklaw ng teritoryo ng bansa. Ang imperyalismong US, na mahigit isang siglo nang sumaklot sa bansa ay ipokritong nagdedeklara ng mapanlinlang na "matibay na pagkakaibigan" at "pagdedepensahan," bilang panabing sa iligal na pagdaong sa mga baybayin ng Pilipinas ng kanilang malalaking barkong pandigmang may nukleyar at pagyurak sa soberanya ng bansa. Buong kagalakan pang sinalubong ng lokal na gubyerno ng Palawan at ng tuta ng US na AFP Western Command (WesCom) ang pagbisita ng US 7th Fleet upang higit na patibayin sa probinsya at buong bansa ang mga kasunduan at hakbangin para sa umano'y "mutwal na pagtutulungan" ng Pilipinas at US.

Pinalakas at pinalawak ng US ang permanenteng presensyang militar nito sa Pilipinas na nagsisilbi bilang mahalagang himpilan alinsunod sa estratehiyang geopulitikal at pangmilitar ng US sa Indo-Pacific. Lalong pinagtibay ng tagibang na kasunduang Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) ang lantarang pagsuko ng reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas sa soberanya ng bansa. Ang mga base militar ng US sa mga "pinagkasunduang lokasyon" sa probinsya kabilang ang Puerto Princesa City, kung saan naroon ang dalawang base nitong Antonio Bautista Air Base at Naval Station Carlito Cunanan, at ang bagong idinagdag na Balabac Island ay




## Ang Pulang Larangan

*Ang **Ang Pulang Larangan** ay ang rebolusyonaryong pahayagang masa sa Palawan.*

*Pinapatnugutan ito ng Partido Komunista ng Pilipinas sa lalawigan ng Palawan sa gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo.*

*Bukas ang pahayagang ito sa mga pagwawasto, komentaryo, mungkahi at ambag na lathalain.*

ipapailalim sa ekstrateritoryal na kontrol ng US. Hindi pa nasapatan, pinadadagdagan pa ng US ang mga base militar nito sa bansa. Kasuklam-suklam din kung papaanong pinagmamadali ng US ang mga upisyal ng gubyerno ni Marcos sa pagtatayo ng mga pasilidad militar ng US sa Balabac gamit ang pondo ng mamamayang Pilipino na hawak ng DPWH. Halimbawa nito ang pagbwelo ng konstruksyon ng Balabac Military Runway at isang *command and control center* at ng pagpapalawak at pagpapalalim sa daungan sa kabilang bahagi ng Balabac Island para maging himpilan ng malalaking barkong pandigma ng US. Gagamitin ng US ang buong isla para manmanan ang mga barko ng China na dadaan dito.

Dahil sa mga nabanggit na ekstrateritoryal na kontrol at ekstraordinaryong mga pribilehiyong tinatamasa at sinasamantala ng US, mas dumalas at naging sunud-sunod ang mga ehersisyong militar na inilunsad nito sa bansa, laluna sa mga lugar na saklaw ng pinagkasunduang lokasyon kabilang ang Palawan. Ayon sa US, magsasagawa ito ngayong taon ng higit 500 *war games*, ehersisyong militar, at pinagsanib na pagsasanay na iba't ibang laki at tipo sa Pilipinas kasama ang mga tuta at utusan nito sa Armed Forces of the Philippines (AFP). Pagpasok pa lang ng 2023, halos buwan-buwan ang inilulunsad ng imperyalismong US na mga pagsasanay-militar sa probinsya tulad ng Marine Aviation Support Activity (MASA) 2023, Exercise Alon, US-RP *bilateral sail activity* at Tempest Wind.

Samakatwid, sa kasalukuyan, mas malaki pa ang presensya ng mga armadong tropa, sasakyang pandagat, panghimpapawid at pandigma ng US at mga kaalyado nitong bansang Japan at South Korea sa teritoryong dagat ng Pilipinas kumpara sa China. Tampok sa mga namataang presensya ng mga ito ang USS Ronald Reagan, isa sa pinakamalaking *aircraft carrier* na barkong pandigma ng militar ng US, at ang eroplanong Poseidon at mga *jetfighter* para magpatrulya at maniktik sa WPS. Hindi rin lahat ng mga operasyon ng militar ng US ay may koordinasyon sa reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas.

Alinsunod sa kagustuhan ng US na magamit ang AFP bilang pandagdag na pwersa sa pang-uupat nito ng armadong sigalot laban sa karibal nitong imperyalistang China, tuluy-tuloy na sinusulsulan at inaarmasan ng imperyalismong US ang AFP. Tila lumpong sumasandig ang mga militaristang maka-US sa nag-ibayong pagpopondo ng US sa AFP. Naglalaway ito sa dumaraming ibinebentang gamit pandigma na kundiman surplas ay nagamit o pinaglumaang mga armas, bala, bomba, mga pyesang pang-*maintenance* at iba pang kagamitan mula sa US para sa programa ng AFP na modernisasyon.

Upang ibayo pang palakasin ang kapasidad at presensyang militar ng AFP sa WPS, nagdeploy ang AFP ng karagdagang *surface patrol ships* sa Kalayaan Island Group, at nagpipilit na magrekluta ng mga paramilitar at reserbang hukbo mula sa mamamayang Palaweño na dadalhin doon para isubo sa napipintong digmaan. Nagkaroon din ng balasahan sa mga batalyong mag-ooperasyon sa Palawan kung saan pinalitan ng Marine Battalion Landing Team (MBLT)-7 ang MBLT-4.

Lumalaki ang peligrong mahigop ang Pilipinas sa alimpuyo ng posibleng gera sa umiigting na tunggaliang inter-imperyalista at mga paghahanda para sa digmaan ng dalawang *superpower* na US at China. Tuluy-tuloy pang nagpupwesto ang US at China ng kanilang mga sasakyang pandagat, panghimpapawid at pandigma sa WPS at higit na tumitindi ang militarisasyon sa lugar. Kahit ang papet na armadong tropa ng AFP at WesCom ay nakagayak na sa posibleng pagsiklab ng digmaang inter-imperyalista. Kapahamakan ang nakaamba sa mamamayang Pilipino sa harap ng tumitinding tensyon at kapag pumutok na ang gyera.

Napatunayan na rin sa kasaysayan na ang presenya ng base militar ng US ay lagi't laging nagdadala ng malubhang pinsalang panlipunan kabilang na ang pang-abuso sa mga kababaihan, paglaganap ng prostitusyon, dislokasyong pang-ekonomya, kahirapan at pagkawasak ng kalikasan. Pinangangambahang maganap ang mas malalalang paglabag sa karapatang tao ng sambayanang Pilipino kung sumiklab ang gera.

Dapat ipaglaban ng sambayanang Pilipino ang pambansang kalayaan at soberanya sa harap ng tahasang panyuyurak ng imperyalismong US at China. Dapat ding kundenahin ng sambayanan ang kakulangan ng aktibong aksyon ng rehimeng US-Marcos-Duterte sa harap ng patuloy na di pagkilala ng China sa *ruling* ng PCA sa ilalim ng UNCLOS. Kagyat na ipanawagan ng mamamayang Pilipino ang pagtutulak na wakasan na ang militarisasyon sa WPS upang mapigilan ang higit na pagtindi pa ng armadong tensyon dito. Dapat patuloy na batikusin ang paglabag ng China sa teritor-yong pandagat at eksklusibong sonang pang-ekonomya ng Pilipinas at ipanawagan ang pagpapalayas sa pwersang militar at milisya ng China at paglalansag ng mga pasilidad militar na itinayo nito sa mga teritoryong saklaw ng Pilipinas.

Kaakibat nito, dapat ipanawagan ng mamamayan ang pagpapalayas sa lahat ng mga pwersang militar ng US, kabilang ang mga sasakyang pandigma nito, gayundin ang paglalansag sa lahat ng mga base militar at pasilidad ng US sa bansa. Dapat igiit ng mamamayang Palaweño at buong sambayanan ang pagbabasura sa EDCA, Visiting Forces Agreement (VFA), Mutual

Defense Treaty (MDT) at lahat ng iba pang hindi patas na kasunduang militar sa US. Dapat wakasan ang pagsalig ng Pilipinas sa US o kahit alin pa mang imperyalistang kapangyarihan para ipagtanggol ang teritoryo nito. Bagkus ay igiit ang independyenteng patakarang panlabas at makipagkaisa sa lahat ng mamamayan sa daigdig at mga bansang inaapi rin ng imperyalismo at iba pang mga bayang naninindigan laban dito.

Patuloy na lumalawak ang hanay ng mga patriyotiko at makabayang naggigiit sa soberanya ng bansa at sumisigaw ng "Atin ang Pinas! US at China, Layas!" Dapat na tuluy-tuloy pang imulat ang diwang makabayan at anti-imperyalista, kaalinsabay ang pag-oorganisa sa mga hayag at lihim na mga samahan at organisasyon, at pakilusin para sa kanilang mga pambansa-demokratikong mga adhikain.

Dapat isulong ng mamamayan ang demokratikong rebolusyong bayan na siyang tanging paraan upang ganap na makamit ang pambansang kalayaan at demokrasya sa Pilipinas. Dapat tanganan ng mamamayang Palaweño ang armas at lumahok sa digmang bayan! Makatarungan ang magsulong ng pambansang digma sa harap ng gyerang mapanakop at mapanupil na inilulunsad ng imperyalismong US, China at papet na rehimeng US-Marcos II. Ito lamang ang tanging solusyon upang mawakasan ang pagiging mala-kolonya ng bansa sa imperyalismong US at maging malaya ang ekonomya, pulitika at militar ng bansa sa kuko at dikta nito. Sa pagtatagumpay ng digmang bayan, maitatatag ang demokratikong estadong bayang ganap na magsusulong ng independyenteng patakarang pan-labas habang pinauunlad ang nagsasariling kakayahan bilang bansa na ipagtanggol ang sarili. PL

**BALITA**

## Pambobomba ng tubig ng tropang China sa mga Pilipino, kinundena




Malawakang kinundena ng sambayanan ang ginawang pambobomba ng Chinese Coast Guard (CCG) sa mga tropa ng Philippine Coast Guard (PCG) na naglulunsad ng *resupply mission* sa mga sundalong nagbabantay sa BRP Sierra Madre sa Ayungin Shoal, teritoryong saklaw ng Pilipinas sa West Philippine Sea (WPS) noong Agosto 5. Nakiisa sa malawakang pagkundenang ito ang Partido Komunista ng Pilipinas. Ayon sa pahayag ni Marco Valbuena, *chief information officer* ng PKP, hindi katanggap-tanggap ang naging hakbang na ito ng China lalupa't ito ay naganap sa saklaw ng *exclusive economic zone* ng Pilipinas at naglagay sa panganib sa buhay ng mga Pilipinong *crew* ng barko.

Nanawagan si Valbuena sa mamamayan na ipamalas ang kanilang pagngingitngit sa mga antagonistikong hakbangin ng China laban sa mga sasakyang pandagat ng Pilipinas, pagdambong sa yamang dagat at labis na pagyurak sa soberanya ng bansa. Kasabay nito, dapat labanan ng mga Pilipino ang pagtutulak ng mga militaristang maka-US na gustong samantalahin ang sitwasyon para bigyang-katwiran ang papatinding pagsandig ng AFP sa pondo, 'ayuda' at bentang armas ng US, papatinding presensyang militar nito sa bansa, umiigting na probokasyon sa digma, at pagpapatindi ng tensyon sa WPS kung saan ang Pilipinas ang maiipit. Giit ni Valbuena, hindi maipagtatanggol ng mamamayang Pilipino ang soberanya ng bansa laban sa China sa pamamagitan ng pagpapailalim sa kapangyarihan ng US. Sa halip, dapat isulong ng mga Pilipino ang kagyat na panawagan sa mga imperyalistang kapangyarihan na mag-demi-litarisa sa South China Sea sa pamamagitan ng pag-aalis ng kanilang mga armadong pwersa at pasilidad sa lugar at hayaang malayang makapaglayag ang mga sasakyan ng sibilyan, bigyan ng buong kalayaan ang mga Pilipinong mangingisda na makapaghanapbuhay, nang walang pangambang pagbawalan o gantihan, at tamasahin ang seguridad ng bansa sa saklaw ng kanyang lupain at teritoryong pandagat. PL

# Ipagtanggol ang West Philippine Sea

Magkakasunod na insidente ng pambobomba ng *water cannon* sa isang *resupply mission* sa Ayungin *shoal*, *swarming* o pagdumog ng mga sasakyang pandagat ng China, paglalagay ng *floating barrier* at ang pinakahuli, ang ulat ng mga nawasak na bahura dulot ng tumitinding presensya ng China–ang tumambad na balita sa nagdaang huling dalawang buwan ng taon sa saklaw ng West Philippine Sea.

West Philippine Sea (WPS) ang binagong katawagan sa bahagi ng South China Sea (SCS), ang mayamang karagatan sa kanlurang bahagi ng bansa na nasa loob ang *exclusive economic zone*[1] (EEZ) ng Pilipinas na isinabatas ng rehimeng US-BS Aquino bilang Administrative Order 29 noong Setyembre 2012. Saklaw nito ang Luzon Sea at lahat ng katubiganan sa palibot nito, sa loob at katabi ng Kalayaan Island Group (bahagi ng Spratly Islands) at Bajo de Masinloc (o Scarborough Shoal). Binubuo ito ng *territorial sea* o *waters*, EEZ at *extended continental shelf*[2] (ECS) ng Pilipinas alinsunod sa itinakda ng United Nations Convention on the Law of the Sea (UNCLOS).




Nagsimula ang mga sigalot (maritime and territorial dispute) sa karagatan ng SCS sa pagdedeklara ng China noong 1947 na pagmamay-ari nito ang 90% ng 3.5 milyong kilometro-kwadradong karagatan batay sa mapang 9-*dash line*. Hindi rin kinikilala ng China ang mga EEZ ng mga bansang nakapaligid sa nasabing teritoryo. Kahit na kabilang ang China sa mga lumagda sa UNCLOS, iginigiit ng China ang 9-*dash line* at ang karapatang mangisda sa EEZ ng mga bansang Pilipinas, Indonesia at Vietnam. Sa partikular, sinakop ng 9-*dash line* ng China ang 80% ng EEZ ng Pilipinas at 100% ng ECS nito sa WPS.

Agresibong inaangkin at sinasakop ng China ang mga isla at bahura na saklaw na ng EEZ ng mga bansang katunggali sa SCS kabilang ang Pilipinas mula pa 1988. Kabilang dito ang pagtatayo ng mga artipisyal na isla at istrukturang militar sa Spratly Islands, pagkontrol sa Scarborough Shoal. Tinayuan ng mga artipisyal na isla at itinransporma bilang *military airstrips, radar station* at *missile systems* ang Fiery Cross Island at ngayon ay siya nang pinakaabante sa mga *military bases* ng China sa SCS.

**Istorikal at lehitimong karapatan ng Pilipinas**

Saklaw at bahagi ng teritoryo ng Pilipinas ang pinag-aagawang mga teritoryo sa Spratlys at Scarborough Shoal alinsunod sa mapang iginuhit ni Pedro Murillo Velarde noong 1734 na pinamagatang Mapa de las Islas Filipinas. Ito ang pinakaluma at opisyal na mapa sa mundo na nagpapakita sa Scarborough Shoal (Panacot) at Spratly Islands (Los Bajos de Paragua) bilang bahagi ng kapuluan ng Pilipinas.

Bukod sa pangkasaysayang batayang ito, pinanghahawakan ng Pilipinas ang Arbitral Award ng Permanent Court of Arbitration (PCA) noong Hulyo 12, 2016 na ang WPS ay saklaw ng EEZ ng Pilipinas alinsunod sa UNCLOS na 200 NM mula sa *baseline* nito. Ipinagkaloob nito sa Pilipinas ang eksklusibong karapatan na pakinabangan ang lahat ng rekurso sa saklaw ng EEZ ng bansa sa WPS. Ang kabuuang sukat ng EEZ ng Pilipinas sa SCS ay may eryang 381,000 kilometro-kwadrado. Kung ibabawas ang 4,650 kilometro-kwadrado na kabuuang teritoryong pandagat ng pinag-aagawang erya ng Johnson South Reef, McKennan Reef at Scarborough Shoal, may EEZ ang Pilipinas na 376,350 kilometro kwadrado na mas malaki pa sa sukat ng pinagsama-samang kalupaan ng Pilipinas na humigit-kumulang sa 300,000 kilometro kwadrado. Hindi lamang ito mayaman sa samu't saring klase ng isda at yamang-dagat kundi maging sa depositong mineral, *fossil fuel* at *natural gas* na napakaimportante sa ekonomiya at kaunlaran ng bansa.

---

1 EEZ– Saklaw nito ang 200NM mula sa baseline. Walang hurisdiksyon subalit may "soberanong karapatan" ang estadong kostal o karapatang gamitin at pakinabangan ang mga rekurso sa ilalim ng karagatan; kabilang dito ang eksplorasyon at paggamit ng rekurso ng karagatan (marine resources), kasama ang produksyon ng enerhiya mula sa tubig at hangin.

2 ECS– 350 NM mula baseline. May solong karapatan ang mga estadong kostal na gamitin para sa sarili ang mineral at di-buhay na mga materyal sa ilalim (subsoil) ng continental shelf. May tanging kontrol din ang mga estadong kostal sa mga nabubuhay na mga rekurso na "nakakabit" sa continental shelf, subalit hindi sa mga nabubuhay na organismo sa bahaging katubigan na lampas sa EEZ

Ang pagkapanalo ng Pilipinas sa PCA ay resulta ng pagsisikap na igiit at itaguyod ang soberanya nito sa harap ng pang-aagaw at pang-aangkin ng China sa EEZ ng Pilipinas. Ngunit nagmistulang nawalan ito ng pangil dahil sa kainutilan at garapalang pangangayupapa ng mga nagdaang rehimen sa imperyalistang China. Palibhasa'y tumatabo ng malaking kikbak mula sa mga proyekto at kontrata galing China, minaliit at ibinasura ng tiranikong rehimeng US-Duterte ang tagumpay na ito. Ito'y sa kabila ng walang-pakundangang pagyurak ng China sa pambansang soberanya, at maging sa karapatan sa buhay at kabuhayan ng mga mangingisdang Pilipino at sa mga mamamayan na nakatira sa mga islang saklaw ng WPS. Samantala, ang kasalukuyang rehimeng US-Marcos II naman ay labis ang pagpapahinuhod sa militarisasyong ginagawa ng US sa rehiyon na ginagawang tuntungan ang agresibong mga hakbangin ng China sa isang banda, habang bantulot rin at walang bayag kung harapin ang mga paglabag ng China.

### Ipagtanggol ang pambansang soberanya

Dapat ipagtanggol ng mamamayang Pilipino at lahat ng patriyotiko at progresibong pwersa ang pambansang soberanya at pangalagaan ang integridad ng teritoryo ng bansa laban sa mga imperyalistang kapangyarihan, kabilang ang soberanya sa teritoryong pandagat at sa panloob na katubigan at soberanong karapatan sa EEZ.

Dapat na buuin ang pinakamalapad na nagkakaisang prenteng patriyotiko para ipagtanggol ang soberanya at patrimonya ng Pilipinas. Dapat isagawa ang iba't ibang tipo ng pagkilos at paglaban para ipakita sa rehimeng US-Marcos II at gubyernong Xi ng China na handa at determinado ang buong bayan na ipaglaban ang pambansang kasarinlan at teritoryal na integridad ng bansa. Ang paggigiit ng karapatan ng Pilipinas sa WPS at ang pakikibaka ng buong bayan para ipagtanggol ang bawat pulgada ng teritoryo at pag-aari nito sa loob ng EEZ ay bahagi ng pambansang pakikibaka para wakasan ang imperyalistang dominasyon at mga neoliberal na imposisyon sa bansa ng imperyalistang US at China. APL

*Halaw sa Indeks: Ipaglaban ang ligal at istorikal na karapatan ng Pilipinas sa WPS laban sa pangangamkam ng imperyalistang China na inilabas ng KARED-TK noong 2021.*

## Bakit pinag-aagawan ang South China Sea?

Ang South China Sea (SCS) ang isa sa pinakamalahaga at estratehikong dagat lagusan (waterway) sa buong mundo. Taun-taon ay dumadaan dito ang $5.3 trilyong halaga ng mga kalakal mula sa sangkatlo ng mga barkong pangkalakal sa buong mundo. Kabilang dito ang $1 trilyong halagang papasok at palabas na kalakal ng US, at $1 trilyong halagang papasok at palabas na kalakal ng EU kung kaya may sariling interes ang mga bansang ito sa kapayapaan at istabilidad ng erya.

Gamit na gamit ang SCS ng apat na nangungunang bansang nag-eeksport para sa kanilang kalakalan kabilang ang China, South Korea, Japan at Taiwan. Dumadaan sa SCS sa pamamagitan ng Strait of Malacca ang 65% ng import na *petroleum* ng South Korea, 60% ng Japan at 50% ng China. Bago ang 2015, 80% ng *petroleum import* ng China ay dumadaan sa SCS. Ngayon ang 30% nito ay dumadaan na sa itinayong *pipeline* ng China sa Myanmar tungong Kunming.

Napakayaman at napakahalagang karagatan ito para sa pangisdaan at may malaking deposito ng mga mineral, langis at *gas* sa ilalim ng karagatan. Sa SCS nakukuha ang 12% ng kabuuang taunang huling isda sa buong daigdig kahit na 2.4% lamang ito ng lawak ng karagatan ng buong daigdig. Dahil ito sa Spratly Islands na mayamang pangisdaan at pangitlugan ng samu't-saring mga isda. Tinatayang may 11 bilyong bariles ng langis at 190 trilyong *cubic feet* ng *natural gas* ang matatagpuan dito. Mula sa ilalim ng karagatan ang malaking deposito ng *methane hydrates* na pinoproseso para maging *natural gas* upang pagmulan ng enerhiya/kuryente. Masasabing mas malaki ang makukuhang *natural gas* dito kaysa sa langis at *gas* sa buong daigdig at kayang tustusan ang pangangailangan sa enerhiya at kuryente ang ekonomiya ng China sa loob ng 100 taon. Kabilang ang China, US, Japan at Canada sa iilang bansang nakapagpaunlad na ng teknolohiya sa pagproseso ng *methane hydrates* sa *natural gas*.

Matatagpuan sa SCS ang mahigit 250 maliliit na mga isla—*atolls* (korteng singsing na bahura), *cays* (islang buhangin na nabuo sa ibabaw mga bahura), *shoals* (buhanginan/banlik) at *reefs* (bahura) – na kalakhan ay walang naninirahang mga tao at kapag taeb ay lubog sa tubig at ang iba pa ay permanenteng nakalubog. Maigugrupo ang mga ito sa tatlong arkipelago (Spratly Islands, Paracel Islands, Pratas Islands), at ang Macclesfield Bank at Scarborough Shoal.

Subalit, higit pa sa pang-ekonomiyang halaga nito, ito rin ang rehiyon kung saan namamalas ang tunggalian para sa hegemonya ng US at China. Patunay ang mga artipisyal na imprastrakturang militar na patuloy na itinatayo ng China sa mga isla sa WPS na bahagi ng SCS, bilang bahagi ng pagpapalawak ng teritoryo ng imperyalistang Tsina at tugon nito sa patuloy na pagpapalibot at militarisasyon ng Imperyalistang US dito. APL

# Magkaisa para labanan ang pahirap na estado at lutasin ang kagutuman sa buong bayan

*Ang taas na ng presyo ng bigas, sibuyas, asukal at gasolina! Hindi na kayang bilhin ng pang-araw-araw naming kita!* Ito ang daing ni Luz habang namimili sa palengke ng Puerto Princesa City nitong Agosto. Ang nakapagtataka ay iniulat ng Philippine Statistics Authority (PSA) nitong Agosto na bumaba ang tantos ng implasyon ng probinsya mula 6.9% tungong 5.4%, ganundin, sa kabisera nitong Puerto Princesa City mula 4.2% tungong 2.9%, noong Hunyo hanggang Hulyo. Kung gayon, bakit hindi naramdaman ng mga Palaweño ang pagbabang ito?

Taliwas dito ang ulat ng PSA na pagtaas ng pambansang implasyon na umabot ng 5.3% mula sa 4.7% noong Agosto. Dahil umano ito sa implasyon sa pagkain na sumipa ng 8.7% mula sa 6.3% noong nakaraang buwan. Sa bigas pa lamang, pumalo na sa P50 ang kilo ng pinakamurang bigas sa Puerto Princesa City nitong katapusan ng Agosto mula sa P42 noong Hunyo. Tinatayang mas mataas ito sa mga bayan sa timog, laluna sa dulong bayan ng Bataraza at isla ng Balabac. Ang isang malaking kabalintunaan, mataas ang kakayahan ng probinsyang suportahan ang pangangailangan nito sa bigas sa lawak ng palayan mula norte hanggang dulong timog. Pero ayon mismo sa ulat ng PSA nitong Hulyo, nag-ambag ang bigas ng 13% sa kabuuang tantos ng implasyon sa probinsya kahit pa sinasabi nilang bumaba ang una sa parehong buwan.

Palsipikadong ang itinuturong dahilan ng lokal na gubyerno sa napakataas na presyo ng bigas – ang mataas umanong presyo sa *farmgate* na P21-22 dahil sa napakataas na gastos sa produksyon, at pangalawa, ang mga *hoarder* ng suplay ng bigas.

Liban sa bigas, nanatili ring mataas ang presyo ng iba pang batayang bilihin tulad ng itlog, gulay, rekado, asukal, isda at maging ang karne. Liban pa sa patuloy na tumataas na singil sa kuryente, tubig, at iba pang batayang serbisyo, ganundin ang presyo ng produktong petrolyo na tuluy-tuloy na tumataas.

Kung tutuusin, wala naman talagang naramdamang ni katiting na alwan ng pamumuhay ang mamamayan mula nang manungkulan si Marcos II, bagkus ang higit pang kahirapan. At ang kasalukuyang mga istadistika ng reaksyunaryong gubyerno ay malinaw na mga palatandaang hindi na maikukubli pa ng mga dinoktor nilang datos ang dinaranas ng sambayanan. Hindi mahabol ng bagsak na presyo ng mga produktong bukid ng masang magsasaka at nakapakong mababang sahod ng mga manggagawa ang napakataas na arawang gastusin sa buong bansa, laluna sa Palawan. Walang pagbabago ang arawang sahod ng mga manggagawa na umaabot lamang sa P329-355. Nananatili ring barat ang presyo ng mga produktong bukid ng magsasaka at minoryang Palaweño—mula sa palay, saging, mais, niyog, at iba pa.

**Talahanayan: Presyo ng bilihin sa Palawan**

| | Minimum | Maksimum |
|---|---|---|
| Bigas | Php42 | Php53 |
| K. baboy | Php322 | Php325 |
| K. manok | Php211 | Php213 |
| Itlog | Php9 | Php10 |
| Bangus | Php282 | Php288 |
| Galunggong | Php130 | Php140 |
| Gulay | | |
| Ampalaya | Php120 | Php131 |
| Kamatis | Php119 | Php141 |
| Talong | Php95 | Php103 |
| Repolyo | Php131 | Php154 |
| Sitaw | Php138 | Php150 |
| Sibuyas | Php210 | Php214 |
| Bawang | Php125 | Php138 |
| Asukal | Php87 | Php103 |

Pinalalala pa ito ng sunud-sunod na hambalos ng natural na kalamidad at mga sama ng panahon na nanalasa sa nagdaang tatlong buwan. Ekta-ektaryang palayan sa norte ang pinalubog ng magkakasunod na bagyong Dodong, Egay, Falcon at Goring. Pinakamalala dito ang bagyong Egay at Goring. Nitong Setyembre 4, idineklara ang *state of calamity* sa isla ng Coron. Dahil din sa magkakasunod na bagyo, naantala ang aktibidad ng mga mangingisda sa buong probinsya. Liban dito, matinding abala at maituturing na ring malaking paralisasyon sa aktibidad sa pangingisda ng mga maliliit na mangingisdang Palaweño ang buwan-buwang pagsasanay-militar sa mga karagatan sa saklaw ng probinsya mula pagpasok ng taon. Tinutuligsa nila ang mga paghihigpit na ipinatutupad sa mga kababayan nating mangingisda habang mga bahag naman ang buntot ng mga ahente ng estado sa harap ng mga tropa ng China.

Sa bayan ng Magsaysay, dagdag pasakit sa maliliit at katamtamang laking magbababoy ang pagpasok ng African Swine Fever (ASF) sa isla ng Cocoro nitong Agosto 24. Kagyat na nagtala ito ng 300 dokumentadong kaso ng pagkamatay ng mga alagang baboy sa isla.

Dahil dito, nagkumahog ang pambansang gubyerno na gumawa ng palyatibo at sa huli'y mapatutunayang inutil na mga hakbangin at polisiya para di umano sa pagkontrol ng pagsirit ng arawang gastusin ng mga Pilipino. Kahit sa Palawan, hindi na rin magkandamayaw ang mga lokal na gubyerno hanggang antas bayan para kunwa'y aksyunan ang krisis na ito. Ang hakbang ng rehimeng US-Marcos II ay ang EO 39 na nagtakda ng presyong P41.00 kada kilo ng *regular milled rice* at P45.00 kada kilo ng *well-milled rice* mula nitong Setyembre 5. Ngunit kagyat itong inalmahan ng mga maliliit na manininda. Hiniling ng grupong Mga Manininda ng Puerto Princesa Incorporated (MMPPI) na bigyan sila ng ilang araw na palugit para sa pagbaba ng presyo ng bigas sa pamilihan at kung gayo'y pahintulutan pa silang ibenta ang mga imbak nilang bigas na nabili sa mataas na presyo.

Dagdag na pahirap ang ginawang pagsadsad ng rehimen sa presyo ng palay sa *farmgate* sa P19-23 kada kilo para sa mga tuyong palay at P16-19 kada kilo para sa basang palay nito lamang Setyembre 18. Ang balighong katwiran ni Marcos II, diumano ang hakbanging ito ay tugon niya sa nagbabagong kalagayan sa produksyon at pamilihan at nakatudla umano sa pagpapabuti ng kita ng mga magsasaka. Isang insensitibong hakbangin ng kasalukuyang kalihim ng Department of Agriculture sa daing ng mga magsasaka sa palayan sa napakataas na gastos sa produksyon. Ni wala itong katugong hakbanging magbigay ng ayuda at suporta sa mga magsasaka, laluna ang pakinggan ang pagmamakaawa ng magsasaka ng palay na ibasura ang Rice Tariffication Law na siyang pumapatay sa lokal na produksyon.

Sa halip, ibayong ipinatutupad ng rehimen ang neoliberalisasyon sa agrikultura na nagpapalala sa labis na pagsalig ng bansa sa pag-import ng mga produktong pang-agrikultura sa kapinsalaan ng lokal na mga prodyuser. Wala itong inilalaang pondo o ayuda sa *farm inputs* ng mga magsasaka pero may pondo para sa kontra-rebolusyonaryong gera na peste sa buhay at kabuhayan ng masa. Wala rin sa adyenda ng rehimen ang pambansang industriyalisasyon kaakibat ng tunay na reporma sa lupa para lutasin ang problema sa pagkain at krisis sa bansa.

Walang makabuluhang maidudulot sa sektor ng agrikultura ang panukalang *budget* para sa taong 2024 ng rehimen. Napakaliit ng itinaas ng budget na 5.2% lamang, samantalang tumaas ng 22% ang pondo sa depensa na mapupunta sa mga berdugong AFP-PNP na lansakang lumalabag sa karapatang pantao ng mamamayan. Malayong-malayo ang pagitan ng pondo para sa sektor ng agrikultura (pinagsamang pondo ng DA at DAR) na P197.8 bilyon habang P2.5 trilyon ang *pork barrel* ni Marcos II na tiyak, at malaking bahagi ay para sa kurapsyon at luho ng kanyang pamilya at mga kroni. Naglalakihan din ang pondong nakalaan sa iba't ibang proyektong imprastraktura sa ilalim ng Support to Barangay Development Projects at *pork barrel* ng mga lokal na pulitiko na nagkukubli sa 'serbisyong pambayan' pero ginagawang palabigasan at gatasang-baka ng mga korap na opisyal ng AFP at mga burukrata. Kamakailan lamang ay pinansin ng Commission on Audit at ipinagpapaliwanag ang di-kinakailangang paggasta ng Puerto Princesa City Water District ng P74 milyon sa pagbili ng Ultraviolet Hydro Optic Disinfection.

Sa Palawan, sa halip na paunlarin ang makasasapat at mataas na potensyal ng agrikultura sa probinsya, nakatutok ito sa pagpapatupad ng ekoturismo sa balangkas ng mga neoliberal na patakaran. Inuna nito ang pagpapasigla ng turismo sa probinsya pabor sa dayuhang interes. Matatandaang nitong Pebrero ay inianunsyo ni 2nd *district representative* at dating gubernador Jose Chavez Alvarez na target ng lokal na gubyerno ng probinsyang makamit ang taunang 5 milyong turista, na magbibigay raw ng P250 bilyong kita mula ngayong taon. Resulta nito, libu-libong ektaryang taniman ng magsasaka at kagubatan ng probinsya ang isinusubasta at kinukumbert para sa mga proyektong ekoturismo laluna sa Balabac, Coron, Culion, El Nido, at San Vicente. Sa kabilang banda, tiyak na mapupunta sa bulsa ng mga lokal na burukrata at naghaharing-uri sa probinsya ang malalaking kikbak na kikitain mula sa proyekto.

Sadyang wala sa interes ng kasalukuyang estadong malakolonyal at malapyudal na lutasin ang krisis at kagutuman ng bansa. Para sa kanila, mas mahalaga at pangunahin ang kanilang makauring interes, luho at ang pabor sa among imperyalistang US. Dapat labanan ng bayan ang tumitinding pagpapahirap at pagsasamantala ng mga naghahaharing uri na ugat ng malaganap na kagutuman sa buong bansa. Ibunsod ang malalaking protestang bayan para singilin at obligahin ang gubyernong tugunan ang hinaing ng mamamayan sa ayuda, dagdag na sahod at sapat na kabuhayan. Kasabay nito ang pagkundena sa mga inutil na hakbangin, patakaran at programa ng estado sa pumapaimbulog na presyo ng mga pangunahing bilihin at serbisyo. Marapat na kastiguhin at igiit ang pagbibitiw ng mga reaksyunaryong tagapangasiwa sa ekonomya ni Marcos II sa pagiging manhid at sunud-sunuran sa dikta ng US. Dapat umani ng pinakamalawak na pagtuligsa ang misalokasyon ng

pondo ng gubyerno laluna ang naglalakihang *budget* para sa depensa at *pork barrel* nina Marcos at Duterte.

Ang malaon nang suliranin sa kabuhayan at kagutuman ng mamamayang Pilipino ay resulta ng malapyudal at malakolonyal na katangian ng lipunan na iniluwal ng paghahari ng tatlong salot sa lipunang Pilipino – ang imperyalismong US, pyudalismo at burukrata-kapitalismo. Ang pagkakaluklok ng rehimeng US-Marcos-Duterte ang palatandaan ng walang kaparis na pagkabulok ng lipunang ito.

Dapat magkaisa at lumaban ang bayan sa pamamagitan ng pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas upang ibagsak ang rehimeng US-Marcos-Duterte at ang tatlong salot sa lipunan. Tanging sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan (DRB) na may sosyalistang perspektiba maitatatag ang estadong tunay na magsisilbi sa mayorya ng mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan. Sa ganap na tagumpay ng DRB titiyakin ng itatayong demokratikong estadong bayan ang pagpapaunlad ng isang planadong ekonomya para sa kapakinabangan ng mayorya, laluna ng masang anakpawis at magsisilbing pundasyon sa pagtatatag ng sosyalistang ekonomya sa hinaharap. Ito ang maggagarantiyang mawawakasan ang malawak na kagutuman at isang lipunang ganap na malaya at demokratiko. APL

PULANG GIYA

Pahayag ni Andrei Bon Guerrero
Tagapagsalita
Bienvenido Vallever Command- NPA Palawan
Hunyo 29, 2023

# Ang hatol ng mga Palaweño sa unang taon ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II: TUTA, PALPAK AT PAHIRAP!

Sa unang taon ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II, ibayong kahirapan ang dinanas ng mamamayang Palaweño sa higit na paglala ng pamalagiang krisis ng sistemang malakolonyal at malapyudal ng Pilipinas. Dahil dito, hinahatulan ng buong rebolusyonaryong kilusan sa Palawan ang unang taon ng panunungkulan ng rehimeng US-Marcos II na bigo sa paglilingkod para sa kagalingan, kabuhayan at karapatan ng mamamayan.

Ang malawakang pandaraya sa eleksyong 2022 ang nagpaupo sa estado poder kay Ferdinand Marcos Jr. Dahil dito, nakontrol ng pangkating Marcos-Duterte ang buong bansa at ng kanilang masugid na alagad na Alvarez-Socrates ang Palawan. Sa araw ng pagsisimula ng kanilang termino, nagsimula na rin ang panibagong yugto ng papalubhang kalbaryong dinaranas at daranasin pa ng mamamayan sa ilalim ng papet, korap, pahirap at pasistang rehimen.

Garapalan ang pagiging papet ng imperyalismo at taksil sa bayan ng ilehitimong presidenteng Marcos II. Sa kanyang pangangayupapa sa US, walang pakialam si Marcos sa pinsalang idudulot nito sa buhay ng sambayanang Pilipino at tahasang ipinagkanulo ang kasarinlan ng Pilipinas. Sa loob lamang ng isang taon, sunud-sunod na ang mga pagbisita, diyalogo at pagpapatibay ng mga nauna nang tagibang na kasunduan sa pagitan ng US at Pilipinas alinsunod sa Mutual Defense Treaty at ng pinakahuling kasunduang Visiting Forces Agreement (VFA) at Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA). Lahat ng ito'y tumutugon sa layunin at estratehiya ng imperyalismong US na pagpapalakas ng hegemonya nito sa rehiyon ng Indo-Pasipiko laban sa karibal na China kasabay ng pagpapatindi pa ng kontrol sa bansa sa ekonomya, pulitika at militar sa tinatawag na bagong yugto ng pagiging malakolonya ng bansa sa ilalim ng sagad sa papet na Marcos II.

Partikular dito ang pagbisita ni US Vice President Kamala Harris noong Nobyembre 2022 sa Pilipinas at Palawan, ni US Defense Secretary Lloyd Austin noong Pebrero, at ng mismong pagbisita ni Marcos II sa US nitong Mayo. Iniluwal ng mga hakbanging ito ang pagdadagdag ng base militar ng US sa Pilipinas kung saan ang isa rito ay itatayo sa Balabac, at ang pagkukunsidera sa probinsya bilang ideyal na pagtayuan ng pasilidad ng *small modular reactor* para diumanong pagmulan ng *nuclear energy* ng bansa. Sunud-sunod din ang mga pagsasanay militar na inilunsad ng mga mersenaryong armadong tropa ng US at Pilipinas sa probinsya. Sa ilalim ng unang taon ng rehimeng US-Marcos II, inilunsad sa Palawan ang Pacific Partnership 2022, Balance Piston 22-3 Exercise, Kamandag Exercises 2023 at ang pinakamalaking Balikatan *exercises* 2023 sa kasaysayan nitong Abril.

Kasabay ng labis na pagyukod sa US, nagsusumamo rin ang rehimeng Marcos sa imperyalismong China. Nakikisalo ang China sa US sa liberalisasyon ng mga patakaran sa kalakalan at pamumuhunan sa Pilipinas tulad ng pagmimina sa probinsya upang huthutin ang likas na yaman ng bansa, gayundin ang pagtutulak ng rehimen ng *joint oil exploration* sa West Philippine Sea kasama ang China. Bahag ang buntot ng rehimen sa mga itinatayong pasilidad militar ng China sa mga artipisyal na isla sa loob ng Kalayaan Group of Islands na teritoryong pandagat ng Pilipinas at lumalabag sa kasarinlan ng bansa. Duwag din ito sa harap ng nagkakailang insidente ng pambabraso at panghaharas sa mga mangingisdang

Palaweño ng mersenaryong tropa ng China na nakabase sa mga inaangkin nitong teritoryo sa WPS.

Patuloy na lumala ang kalagayan ng ekonomya at pamumuhay ng mamamayang Palaweño. Kinatangian ang unang bahagi ng kanyang termino ng kabi-kabilang paglamyerda at magagastos na mga byahe at pagliliwaliw ni Marcos sa iba't ibang mga bansa kasama ang mga kamag-anak at alipures niya, sa harap ng matinding kahirapan ng mga Pilipino sa bansa. Ni walang ayudang ibinigay sa mga mamamayang Palaweñong apektado ang buhay, kabuhayan at panirahan matapos ang mga sakuna tulad ng malalakas na bagyo, matinding pagbaha, gayundin sa mamamayan ng Taytay na apektado ang kabuhayan sa pagkalat ng oil spill galing Mindoro.

Pinaiigting ni Marcos ang pagpapataw ng mga neoliberal na patakaran sa pagtutulak niya ng todo-largang liberalisasyon sa pamumuhunan at importasyon nang ideklara niyang "lubos na buksan ang mga pintuan", kasabay ng ibayong pagkatuon sa pag-eksport at pagsalig sa import ng kalakal sa ibang bansa. Bigo si Marcos, bilang kalihim ng Department of Agriculture, na paunlarin ang sektor ng agrikultura sa bansa, itaguyod ang nagsasariling ekonomya, at pataasin ang antas ng pamumuhay ng mga magsasaka.

Pinasasalo sa mamamayan ang lumalaking lobo ng utang ng rehimen sa pamamagitan ng pagdadagdag ng mataas at maraming buwis na ipinapataw sa kanila. Walang awat ang pagtaas ng presyo ng langis, pagkain at iba pang saligang pangangailangan, edukasyon, kalusugan at iba pang serbisyo, kuryenteng sinisingil ng PALECO, at iba pang yutilidad. Mas mahal nang P5-10 ang presyo ng mga pangunahing bilihin laluna ang mga produktong ginagamitan ng petrolyo at mga produktong mula sa labas ng Palawan. Hanggang yabang lamang din ang pangako ni Marcos na gawing P20 lang ang presyo ng bigas!

Sa kabila nito, nananatiling nakapako sa mababang halaga ang presyo ng palay at iba pang produktong bukid ng mga magsasakang Palaweño. Ang matinding implasyon ang nagiging dahilan upang tumaas ang arawang gastos sa pamumuhay ng lima-kataong pamilya, at para mabuhay nang disente, kinakailangan na ng P1,162 sahod sa MIMAROPA. Gayunman, malayung-malayo at ni wala pa sa kalahati nito ang minimum na sahod ng mga manggagawa sa rehiyong IV-B na P329-355 lamang.

Labis niyang pinapaburan ang mga dayuhang malalaking kapitalista, laluna ang mga malalaking plantasyon at operasyon sa pagmimina kahit pa tinututulan ito ng mamamayan at malinaw ang pagwasak nito sa kalikasan at idinudulot na sakuna sa bayan. Ipinakita ito sa pag-aresto't pagwasak sa organisadong paglaban ng mamamayan ng Brooke's Point laban sa pag-opereyt ng Ipilan Nickel Corporation (INC). Imbes na dinggin ang hinaing ng mamamayan, pinahintulutan pa nito na muling makapag-opereyt ang INC. Dagdag pa, sa loob ng isang taon, pinahintulutan ang *oil drilling* ng Nido Petroleum Philippines sa Cadlao, El Nido, nilinlang ang mga katutubong Palaw'an upang pahintulutan ang Macroasia Mining Corp, na pagmamay-ari ng MBK na si Lucio Tan na muling makapag-opereyt. Makakapagpalawak din ang Nickel Asia Corporation ng operasyon nito sa Mt. Bulanjao liban pa sa nagpapatuloy na operasyon nito sa Rio Tuba. Bukod sa pabor, tinatamasa ng mga dambuhalang kumpanyang ito ang hindi pagsingil ng buwis sa kanila at pagbibigay-laya sa kanila na kamkamin ang lupa ng mga magsasaka at katutubong Palaweño at dambungin ang likas na yaman ng probinsya.

Minamadali ng rehimeng US-Marcos II ang lahat ng paraan para patuloy na makapagpayaman sa estado-poder. Nagtagumpay itong iratsada sa loob ng isang taon ang batas ng Maharlika Investment Fund sa pakikipagsabwatan ng *rubberstamp* na kongreso at senado. Magbibigay-daan ito para sa malawakang pagkontrol at pagbulsa sa daan-daan bilyong pondong pampubliko.

Pagkaluklok, ininstitusyunalisa niya kasabwat ang kapwa pasistang si Sara Duterte ang pagrerebisa sa kasaysayan at edukasyon sa Pilipinas pabor sa mga Marcos. Kasabay nito, pilit ding binubura ng kasalukuyang naghaharing uri ang katotohanan ng malawakang korapsyon at pandarambong ng matandang Marcos sa pagpapabasura sa mga kasong nakasampa laban sa pamilyang Marcos sa ninakaw nitong yaman ng bayan. Hind lamang nila matatakasan ang pananagutan kundi makukuha pa nila ang mga binawing yaman.

Sa kabila nito, nanginginig sa takot si Bongbong Marcos na matulad ang kanyang rehimen sa kinahinat-nan ng diktadura ng kanyang ama na pinabagsak ng lumalakas na pambansa-demokratikong kilusan. Dahil dito, sa loob ng unang taon ng kanyang rehimen, lantaran ang pagpapatatag nito sa kapangyarihan at pagpapalawak nito ng dinastiyang pulitikal sa pagtatalaga at pagpapaupo ng mga kapamilya at susing mga kroni, gayundin ng mga retiradong upisyal ng AFP-PNP sa gubyerno. Upang higit na makasiguro, ikinukumbina niya rito ang malawakang panlilinlang at armadong panunupil sa buong bansa.

Ipinagpatuloy at ibayong pinaiigting at pinalalakas ni Marcos II ang terorismo ng estado para kamtin ang nabigong layunin ni Duterte na durugin ang nakikibakang mamamayan. Sa iba't ibang dako ng bansa, pinaiiral ang di-deklaradong

Martial Law sa pamamagitan ng pagkokordon sa mga pook-hanapbuhay ng uring anakpawis, iligal na inaaresto at idinidetine sa mga sikretong kampo ang mga aktibista at iba pang kritiko ng estado. Dito pinagsisilbi ang SIM Card Registration Law na ipinatupad para lubusang panghimasukan ang pribasiya ng mamamayang Pilipino at isailalim silang lahat sa istriktong sarbeylans. Sa Palawan, dinagdagan ng rehimen ng bagong batalyon ang WESCOM, ang MBLT-9 habang itinatayo ang mga karagdagang pasilidad militar at bumibili ng mga kagamitan at armas sa ilalim ng programang modernisasyon ng AFP.

Dinaig ni Marcos II sa unang taon pa lamang ang record ni Duterte sa paglabag sa karapatang-tao. Sa unang taon pa, bumibilang na sa 97 ang pinatay at biktima ng pampulitikang pamamaslang sa bansa o abereyds na dalawa kada linggo. Tampok sa mga kasong ito ang pagmasaker sa Catbalogan 10 kasama ang mga pinuno ng Partido na sina Benito at Wilma Tiamzon, ang pamilyang Fausto sa Negros at pamilyang Jacolbe sa Northern Samar. Wala nang pagtatangi ang mga berdugong tropa ng AFP-PNP-CAFGU kung saan pangunahin ng tinatarget ng kanilang mga pag-atake ang mga sibilyan. Samantala, labis-labis na lakas-pamutok at pasabog o *overkill* ang ginagamit nila sa pagharap sa mga pwersang rebolusyonaryo.

Sa unang taon pa lang ng rehimeng US-Marcos II, inilantad na kaagad nito ang katangian nitong papet, palpak, pabaya, pahirap, korap at pasista. Wala itong solusyon sa matinding krisis na dinaranas ng mamamayan, at sa halip ay ninanakaw pa ang pondo ng bayan at binubuhusan ng mas malaking pondo ang gera laban sa mamamayang nakikibaka. Kasabay nito ay ibinubuyangyang niya sa dayuhang pandarambong habang isinusubo ang bansa sa imperyalistang gera ng US laban sa China. Tulad ng kanyang ama, wala itong ibang layunin kundi patatagin ang kapit sa estado poder at protektahan ang kanilang interes.

Sa nalalabi pang mga taon sa ilalim ng rehimeng US-Marcos II, dapat na ibayo pang pukawin, organisahin at pakilusin ang mamamayan na isulong ang iba't ibang anyo ng pakikibaka upang singilin at pagbayarin ang rehimen sa lahat ng kasalanan nito sa taumbayan. Dapat mahigpit na iugnay ng mga Palaweño ang kanilang lokal na mga pakikibaka para sa kabuhayan, kalikasan at karapatan sa mas masaklaw na isyu ng bansa. Ang mga panimulang tagumpay na nakamit nila ngayong taon tulad ng pagpapahinto sa proyektong Seawall sa Narra at reklamasyon sa Coron Bay ay dapat ipagpatuloy at isanib sa mas malawak na pakikibaka sa buong probinsya at bansa.

Kasabay nito, dapat na puspusang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan at hawanin ang landas sa pagtatayo ng sariling gubyernong tunay na maglilingkod sa kanila. Dapat na mapagpasyang tanganan ang armas, palakasin ang armadong pakikibaka sa kanayunan at ilunsad ang makatarungang digma laban sa brutal na digma ng teroristang estado. Tanging sa pagtatagumpay lamang ng DRB maitatayo ang sosyalistang lipunang tunay at lubos na tutugon sa lahat ng demokratikong aspirasyon ng sambayanang Pilipino.

## Deklarasyong *insurgency-free* sa Palawan, hungkag

Kinutya ng Bienvenido Vallever Command (BVC-NPA Palawan) ang deklarasyon ni Marcos II na *insurgency-free* na ang Palawan. Ito ay matapos ipagmalaki ni Marcos II ang tagumpay umano ng gubyerno, ng AFP at ng NTF ELCAC sa pagsugpo sa rebolusyon sa Palawan at buong bansa at na nalinis na umano nila ang lahat ng erya ng NPA sa Palawan sa okasyon ng pagbubukas ng National Peace Consciousness Month noong Setyembre 1 sa Puerto Princesa City. Ani Andrei Bon Guerrero, tagapagsalita ng BVC, "ang digmang bayan, sa Palawan at buong kapuluan ay makatarungan na nakaugat sa marubdob na hangarin ng bayang ibagsak ang imperyalismong US, pyudalismo at burukrata-kapitalismo upang kamtin ang tunay na kalayaan at demokrasya sa Pilipinas kaya tinatamasa nito ang pinakamalawak na suporta ng mamamayan". Ayon pa sa kanya, nakapangingilabot ang paulit-ulit na pagpuri sa mga pasista-teroristang institusyon na pangunahing responsable sa mga panghahalihaw, pambobomba at pagwasak sa mga komunidad sa kanayunan, pagyurak sa karapatang-tao kabilang ang pagpaslang sa mga sibilyan at paglabag sa mga kasunduan at batas ng digma.

Ang totoong motibo ni Marcos II at mga alipures niya ay palabasing nagtatagumpay ang kanilang kontra-rebolusyonaryong pakana para maging kaiga-igaya ang probinsya sa pagganyak ng dayuhang pamumuhunan at imperyalistang pandarambong. Sa kasalukuyan, nakalatag na ang mga kontrata at dayuhang pamumuhunan sa enerhiya, ekoturismo at pagmimina sa Palawan.

Bilang pagtatapos, diin ni Guerrero, "gaanuman kahirap at kalupit ay puspos ng determinasyon ang BVC-NPA Palawan na isulong ang digmang bayan sa Palawan at mag-ambag ng ganang-kaya sa muling pagpapalakas at pagpapaigting ng pakikidigmang gerilya sa buong bansa. Ang kawalang kaparis na kahirapang dinaranas ng masang Palaweño, ang nagpapatuloy na suporta ng mamamayan at kabayanihan ng mga rebolusyonaryong martir sa Palawan ang aming inspirasyon sa muling pagsulong at pagbawi hanggang sa tagumpay!"

# MATUTO SA KASAYSAYAN: Ang kasaysayan ng pananalasa ng mga plantasyon ng *oil palm* sa kabuhayan at kalikasan ng Palawan

Malaking usapin ang *oil palm* saanman sa buong daigdig. Habang itinuturing itong mahalagang kalakal, marami ring mga grupong makakalikasan ang tutol sa pabaya at di planadong pagtatanim nito. Katunayan, mula 2009 hanggang 2011, isinuspindi ng World Bank ang lahat ng pondo para sa mga proyektong *oil palm* sa buong daigdig. Pero hindi nito napahinto ang paglaganap ng *oil palm* laluna sa mga bansang tropikal na tulad ng Pilipinas.

Sa Palawan, nagsimulang pag-usapan sa antas-probinsya ang pagtatanim ng *oil palm* noong 2003, sa kabila ng mga natukoy na masamang epekto nito sa kalikasan at kabuhayan ng mamamayan sa mga katabing bansang Malaysia at Indonesia. Nagsimulang pumasok ang mga ganitong tipo ng negosyo sa probinsya noong 2004 sa bisa ng Philippine Oil Palm Development Plan ng dating rehimeng US-Macapagal-Arroyo at noo'y gobernador na si Joel Reyes. Sa 100,000 ektaryang target ng pambansang proyekto, 20% o 20,000 ektarya ang binuksan sa Palawan para tamnan hanggang 2011. Ang Palawan Palm and Vegetable Oil Mills Inc. (PPVOMI) na isang kumpanyang Singaporean-Filipino at ang kumpanyang Filipino-Malaysian na Agumil Philippines (AGPI) ang mga kumpanyang nakakuha ng panimulang kontratang sasaklaw ng 15,000 ektaryang lupain. Pumasok naman noong 2011 ang lokal na kumpanyang Cavite Ideal International Construction and Development Corporation (CavDeal) at ilan pang maliliit na kumpanya. Sinaklaw ng mga ito ang lahat ng mga bayan sa timog liban sa Balabac, pinakamalawak ang sa Sofronio Española at umaabot sa tinatayang 9,000 ektarya hanggang 2019.

Sa mga nasabing kumpanya, pinakamalawak ang saklaw ng operasyon ng AGPI sa lahat ng bayang nabanggit at aabot sa 6,000 ektaryang pinagsama-sama. Binibili nito ang kalakhan ng aning bunga ng *oil palm* sa buong probinsya at noong 2010 ay nagtayo na ito ng isang *processing plant* sa Brgy. Maasin, Brooke's Point. Ang 70% ng pinrosesong langis ay inieksport tungong Singapore, China at Malaysia.

Pinangakuan ng magandang kita, trabaho at malaking pakinabang sa halaman at lupa ang mga magsasaka. May dalawang iskema ang mga kumpanya sa pagpapagana ng plantasyon ng *oil palm* sa probinsya—ang *leaseback*, *outgrower*[1] at ilang kaso ng pamimili. Pinakalaganap ang iskemang *leaseback* kung saan inuupahan ng mga kumpanya ang lupa ng mga magsasaka sa isang kasunduang tatagal ng hanggang 25 taon. Naiulat ang taunang P500-700 kada ektaryang upa ng CavDeal habang P1,200 kada ektarya naman ang sa AGPI. Isang anyo naman ng sistemang *outgrower* ang pinagagana ng PPVOMI kung saan ipinapaloob sa isang kooperatiba ang mga lupang ipapasok sa kontrata. Pinauutang sila ng kumpanya para sa gastusin nila sa produksyon o pinahihintulutan silang umutang sa Land Bank.

Ilang taon lamang matapos ang kauna-unahang pagtatanim ng oil palm sa probinsya ay unti-unti nang naiulat ang masamang epekto nito sa kabuhayan ng mga magsasaka, sa lupaing ninuno ng mga minorya at sa kalikasan.

Bukod sa makaisang-panig na mga kasunduan sa pagitan ng magsasaka at kumpanya, malala rin ang kalagayan ng mga manggagawang bukid at kapatas[2] sa loob ng mga plantasyon. Walang benepisyo at walang regular na manggagawa ang mga plantasyon kaya naisasagad sa napakababang antas ang sahod ng mga manggagawang-bukid.

| | **Manggagawang-bukid** | **Kapatas** |
|---|---|---|
| 2005 | P120 | P150 |
| 2009 | P130-150 | P180 |
| 2014 | P215 | |

Niloloko rin ng mga kumpanya ang mga pambansang minorya. Reklamo ng mga Palaw'an at Tagbanua, napakababa ng bili sa kanilang mga lupain. Ginagamit umano ng mga ito ang katwirang 'wala namang titulo ang mga lupain ng katutubo'. Sa Española, may mga lupaing binili lamang ng P1,000 kada ektarya. Bukod sa pangangamkam, nanghihimasok rin ang mga kumpanya sa lupaing ninuno ng mga minorya at winawasak ang mga kabundukan tulad ng naganap sa bayan ng Quezon.

Inirereklamo rin ng mga magsasaka ang matakaw sa tubig na katangian ng mga *oil palm* na nakapipinsala

1 *outgrower*—isang kasunduan sa pagitan ng mga magsasaka at multinasyunal na kumpanya kung saan binibili ng mga kumpanya ang lahat ng ani ng mga magsasaka.

2 kapatas—pinuno ng mga manggagawang-bukid sa isang plantasyon

sa mga katabi nitong pananim. Iniuulat ng mga magsasakang Palaweño ang pagliit ng kanilang ani sa mga lupang pinagtatamnan din ng *oil palm*. Sa mga may palayan, kung dating umaani sila ng 50-70 sako ng palay kada ektarya, sa mga tinamnan ng *oil palm* ay maswerte na kung maka-20 sako sila. Samantala, bumaba rin ang produksyon ng kopra na nakaka-700 kilo na lamang sa 2-ektaryang lupa mula sa dating 1,500 kilo.

Ilang taon rin makalipas ang pagtatanim ng *oil palm* sa probinsya, naobserbahan ng mga magsasaka ang pananalasa ng mga bagong peste sa kanilang mga tanim kabilang ang niyog. Sinuportahan ito ng ulat ng Ancestral Land/Domain Watch (ALDAW) noong 2013 at tinukoy ang mga pesteng *red palm weevil* at *coconut tree beetle* (*Brontispa longissima*) na pumapatay sa ibang mga halaman. Ayon sa isang pag-aaral ng Forest Peoples Programme na sa Brgy. Iraray sa Española pa lamang ay pininsala na nito ang aabot sa 1,000 puno ng niyog ng 20 magsasaka noong 2012.

Magastos din sa *farm input* ang *oil palm* tulad ng mga pestisidyo at herbisidyo, liban pa sa masasamang epekto nito sa kalikasan—pinababa ang kalidad ng lupa at maaaring makakontamina sa mga yamang tubig na aagusan sa tuwing umuulan.

Kumpara sa mina at malawakang pagtotroso, hindi agad mapapansin ang masasamang epekto ng *oil palm* sa kalikasan. Subali't may masamang pangmatagalang epekto ito sa kalikasang hindi mapapanag-uli, kumpara sa iba pang halamang mapagkukunan ng langis at kabuhayan.

Sing-aga ng 2011, naglabas na ng resolusyon ang Brgy. Ipilan sa Brooke's Point na humihiling sa nakatataas na antas at mga ahensya ng gubyernong kontrahin ang napipintong pagpapalawak ng mga plantasyon ng *oil palm* sa saklaw ng barangay at mga karatig nito dahil sa masasamang epekto nito. Ngunit hindi positibo ang naging tugon ng estado sa hinaing ng taumbayan. Sa katunayan, naglabas pa ng plano ang Philippine Coconut Authority na sasaklaw mula 2014 hanggang 2023 ng pagbubukas ng aabot sa isang milyong ektaryang lupa para sa pagpapalawak ng taniman ng *oil palm*, kabilang ang 200,000 ektaryang lupain sa Palawan.

Muli itong tinugon ng malakas na pagtutol ng mamamayan. Aabot sa 4,200 magsasaka ang nagpetisyon sa opisina ng noo'y bise gobernador na si Dennis Socrates noong 2015. Sa sumunod na taon, July 28, 2016, muli nilang idinulog sa opisina ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) ang pagpapataw ng *moratorium* sa pagpapalawak ng operasyon ng *oil palm*. Sa kabila nito, tuluy-tuloy pa rin ang taniman ng mapaminsalang plantasyon ng *oil palm* sa Palawan at buong bansa, na dapat determinadong tutulan at labanan ng mamamayan. Kaya naman sa hukbong bayan na idinulog ng mamamayang Palaweño ang kanilang reklamo sa mga plantasyong kabilang ang *oil palm*. Taong 2016 nang naglunsad ang Bienvenido Vallever Command-BHB Palawan ng serye ng pamamarusa sa ilang mga multinasyunal na kumpanyang agrokorporasyon kabilang ang Agumil *plantation* at San Andres sa timog Palawan. PL

Larawan ng isang pangunahing kagubatan (primary forest) sa timog Palawan na sinira para gawing plantasyon ng *oil palm*



## PKP, kinundena ang presensya ng P8-Poseidon ng US sa WPS

Kinundena ni Marco Valbuena, *chief information officer* ng Partido Komunista ng Pilipinas ang presensya ng eroplanong P-8 Poseidon, isang *maritime surveillance aircraft* ng US Navy sa West Philippine Sea (WPS) noong Agosto 22. Ani Valbuena, inilalantad umano nito ang presensya at pangingialam ng US na lalong nagpapatindi ng tensyon sa rehiyon. Liban dito, tinukoy rin ng PKP ang pananatili ng mga US *warship* sa South China Sea kabilang ang USS Ronald Reagan, na isa sa pinakamalalaking barkong pandigma ng US. May lulang 5,000 tropa ang barkong ito at may kakayahang magkarga ng 75 eroplanong pandigma.



Sabi pa ni Valbuena, ginagamit ng US ang tabing ng 'kalayaan sa paglalayag' sa nagpapatuloy nitong pagpapaigting ng armadong presensya sa mga karagatan ng Pilipinas, na lalong nagpapaypay sa tensyon at naglalayong mang-udyok ng masamang hakbangin mula sa China. Tinuligsa rin ni Valbuena ang rehimeng US-Marcos II at AFP-PNP na sa labis na pangangayupapa sa US ay hinahayaang patindihin pa nito ang presensya at binibigyan ng akses ang mga tropa nito sa daang ektaryang lupain ng bansa para magtatag ng mga base at pasilidad militar nito.

Sa huli, nanawagan si Valbuena sa mamamayang Pilipino na ipagpatuloy nito ang paggigiit sa pambansang soberanya at tuligsain ang pagyurak ng China sa teritoryong pandagat at *exclusive economic zone* ng bansa. Manawagang palayasin ang lahat ng tropang militar ng China at lansagin ang mga pasilidad militar nito sa rehiyon. Kasabay nito, dapat nilang bigyan ng katulad na timbang, kundima'y mas malakas na tulak, ang panawagang palayasin ang lahat ng pwersang militar ng US, kabilang ang lahat ng mga sasakyang pandigma nito at lansagin ang lahat ng mga base at pasilidad militar nito sa bansa. APL

## US 7th Fleet, bumisita sa Palawan

Binisita ng mga opisyal ng US 7th *fleet* sa pangunguna ng hepe nitong si Vice Admiral Karl Thomas ang Palawan noong Agosto. Nakipagpulong siya sa mga kinatawan ng lokal na administrasyon ni Governor Victorino "Dennis" Socrates nitong Agosto 7 para umano bigyang-katiyakan na buo ang suporta at 'pagtuwang' ng US at ihahapag umano nito ang mga substansyal na mga usapin kaugnay rito sa U.S.-Philippines Mutual Defense Board and Security Engagement Board. Ginawang sangkalan ng opisyal militar ng US ang naganap na pagmamaniobra at pagbomba ng tubig ng Chinese Coast Guard sa barko ng Philippine Coast Guard nitong Agosto 5 para magyabang at iparamdam sa mga karatig-bayan laluna sa China ang lakas ng kanilang *naval forces* na pinakamalaki sa mga *forward-deployed fleets* ng U.S. Navy.

Ayon kay Leona Paragua, tagapagsalita ng NDFP-Palawan, lantarang panggagatong ang binitiwang pahayag ni Thomas na "kailangang hamunin ang mga taong kumikilos sa isang *grey zone*. Kapag ang mga ito ay hindi kuntentong manguha pa nang manguha habang binubuyo ka, kailangan mong gumanti, kailangan mong maglayag at kumilos para rito".

Nakipagpulong rin si Thomas kay AFP WesCom *commander* Alberto Carlos hinggil sa pagpapalakas umano ng kolaborasyon sa pagitan ng dalawang yunit. APL

## Mga mangingisda, tutol sa plano ng AFP na sanayin sila bilang reserbang pwersa

Tutol ang mga mangingisdang Palaweño sa plano ng AFP na sanayin sila at maging bahagi ng reserbang pwersang militar sa harap ng tumitinding tensyon sa West Philippine Sea (WPS). Nitong Agosto 10, sinabi ni AFP *chief* Brawner sa isang *press briefing* sa Palawan na pinag-iisipan umano nilang magtayo ng isang *maritime militia* sa WPS para palakasin ang presensya nila sa lugar. Kabilang umano dito ang pagrerekluta sa hanay ng mga mangingisda kasunod ng insidente ng pambobomba ng Chinese Coast Guard noong Agosto 5 sa isang bangka ng Pilipinas na nasa isang *resupply mission* papuntang Ayungin Shoal.

Ayon sa mga mangingisda sa isla ng Pag-asa, "mahirap ito para sa amin at tutol kami sa planong ito. Sapat na munang mag-*report* na lamang kami ng mga insidente." APL

# Serye ng mga neo-kolonyal na pagsasanay-militar, inilunsad sa Palawan

**MASA 23.** Inilunsad muli ang dalawang beses sa isang taong *bilateral* na pagsasanay militar sa pagitan ng Pilipinas at US na Marine Aviation Support Activity (MASA) 23 nitong Hulyo 6-21. Ayon sa Information Office ng Public Affairs Section ng embahada ng US sa Pilipinas, layunin umano nitong palakasin ang kapabilidad ng dalawang tropa sa mutwal na depensa, paunlarin ang mas malakas na relasyon at isapraktika ang mga lumilitaw na bagong estratehiya sa *aviation*.

Sangkot sa pagsasanay ang Marine Expeditionary Forces I at III ng US Marine Corps (USMC) at ang tropa ng Philippine Marine Corps. Inilunsad ang pagsasanay sa *simulated aerial assault* sa Punta Baja, Rizal nitong Hulyo 13-14. Tampok sa pagsasanay ang paggamit sa USMC MV-22B Osprey bilang sasakyan ng mga tropang kunwaring aatake mula sa himpapawid.



MASA 2023 sa Punta Baja, Rizal. Nasa likod ang mga USMC MV-22B Osprey na ginamit sa pagsasanay.

**Exercise Alon.** Natapos ang kauna-unahang pagsasanay-militar sa pagitan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Australian Defense Forces (ADF) na tinawag na Exercise Alon nitong Agosto 31. Laman ng pagsasanay na ito ang *air assault* o pag-atake mula sa himpapawid noong Agosto 21 sa Punta Baja, Rizal, habang ang *amphibious assault* o pag-atake mula sa tubig ay inilunsad sa Zambales noong Agosto 25 at ang *live-fire training* sa Capas, Tarlac noong Agosto 31 bilang huling bahagi ng pagsasanay. Layon umano nitong palakasin ang kakayahan ng mga tropa sa paglulunsad ng magkasanib na operasyon at paunlarin ang kanilang mga taktika, teknika at pamamaraan sa mga operasyon sa lupa at dagat.

Sangkot sa pagsasanay na ito ang 560 pwersa ng AFP, 1,200 mula sa ADF at 120 mula sa USMC. Ayon kay PMC *deputy commandant* Jimmy Larida, inaasahan umano nilang mas malaki ang bilang ng mga magsasanay sa kasunod na Exercise Alon sa 2025. Ang Exercise Alon ay bahagi ng Indo-Pacific Endeavour 2023 (IPE23) na inilunsad noong Agosto 14 hanggang 31. Ang IPE23 naman ay isang mahalagang *international engagement activity* ng Australia sa mga rehiyon ng Southeast Asia at Indian Ocean sa balangkas ng komitment nito sa Indo- Pacific Strategy ng US.





Exercise Alon 2023

**US-RP bilateral sail activity.** Inilunsad nitong Setyembre 4 ang *bilateral* na paglalayag ng BRP Jose Rizal ng Philippine Navy at ng US Navy Arleigh Burke-*class guided missile-destroyer* USS Ralph Johnson sa katubigan ng bansa, 12-24 *nautical miles* mula sa Palawan. Pinamunuan ang aktibidad ng Naval Task Force 41 ng AFP Western Command (WESCOM) at US 7th Fleet. Pagpapakitang-gilas ang aktibidad na ito na naglalayon umanong subukin at kinisin ang mga umiiral nang doktrinang pandagat ayon mismo kay AFP Public Affairs Office *chief* Enrico Ileto.



BRP Jose Rizal at USS Ralph Johnson na sangkot sa RP-US *bilateral sail activity*

**Tempest Wind.** Inilunsad nitong Setyembre 9-12 ang pagsasanay kontra-terorismo ng Puerto Princesa City Police Office, Bureau of Fire Protection, City Disaster Risk Reduction and Management Office at US Federal Bureau of Investigation na tinaguriang Tempest Wind. Layunin umano nitong tasahin ang kapasidad ng syudad na tumugon sa mga krisis na dulot ng mga "teroristang" aktibidad at iba pang anyo ng karahasang may pandaigdigang implikasyon. Dulot nito, kinordon ang ilang erya sa syudad kabilang ang Tagburos at Honda Bay. APL

# MBLT-4, nag-iwan ng mga kriminal na kaso at pananagutan sa Palawan

Nitong Hulyo 17 nilisan ng Marine Battalion Landing Team-4 ang probinsya matapos ang 11 taon at siyam na buwang pamemerwisyo at pananalasa sa buhay at kabuhayan ng mamamayan. Sa araw na ito, inilunsad ng Western Command (WESCOM) at lokal na gubyerno ng probinsya ang isang okasyon para pagpugayan ang pasistang tropa sa diumano'y pagwawakas nito sa Bagong Hukbong Bayan sa prubinsya at pagpapanatili ng "kapayapaan" dito. Ayon sa Ang Bayan, ang pahayagan ng PKP, "walang iniwan ang MBLT-4 sa prubinsya kundi ang mahabang rekord nito ng paglabag sa karapatang-tao".

Ibinalik ang MBLT-4 sa kampo nito sa Fort Bonifacio, Taguig City para sumailalim sa pagsasanay bago muling italaga sa panibagong erya. Samantala, pinalitan ito ng MBLT-7 na kilala bilang pasistang yunit na ginamit sa mga "teroristang grupo" sa Lanao, Sulu at Tawi-tawi sa Mindanao. APL




# Pakikibaka laban sa mina sa Matalingahan, tagumpay

Nagbunga ang naging konsistente at maingay na pagkilos ng mamamayan ng Brooke's Point, kabilang ang mga pambansang minorya para ipagtanggol ang kanilang lupa at kabuhayan sa mapangwasak na mina. Nitong Agosto 15, naglabas ang Korte Suprema ng *writ of kalikasan* laban sa dalawang kumpanya ng mina na Ipilan Nickel Corporation (INC) at Celestial Nickel Mining Exploration Corporation (Celestial Mining), gayundin sa dalawang reaksyunaryong institusyong maka-mina na Department of Environment and Natural Resources (DENR) at Mines and Geosciences Bureau (MGB). Paliwanag ng korte, maaari umanong magdulot ang operasyon ng mga kumpanya ng di mapapanag-uling pagkasira sa kalikasan sa saklaw ng Mt. Matalingahan batay sa pangamba at nilaman ng petisyon ng mamamayan ng Brooke's Point. Kaugnay nito, naglabas ang National Commission on Indigenous Peoples (NCIP)-MIMAROPA ng *cease and desist order* o atas ng pagpapatigil sa operasyon ng dalawang mapaminsalang mina. Ang Mt. Matalingahan ang pinakamataas na bundok sa Palawan, itinuturing na sagrado ng minoryang mamamayan, at kilala sa kayamanang likas nito.

Ani Leona Paragua, tagapagsalita ng NDFP-Palawan, iniresulta ito ng mga serye ng pagkilos, barikada at pagpepetisyon ng mamamayan mula pa noong Pebrero at nagdaan pang mga taon. "Habang dapat na

ipagdiwang ang malaking tagumpay na ito ng mamamayan ng Brooke's Point, panimula pa lamang ito at dapat na maging mapagbantay sa tusong mga hakbangin ng INC, Celestial Mining at iba pang mga dayuhan at malalaking korporasyon at mina. Dapat ipagpatuloy ng masa ang kanilang laban at kunin ang suporta ng buong mamamayan ng Palawan para pigilan ang mga pagtatangkang ito kasabwat ang lokal na reaksyunaryong gubyerno na magpatupad ng iba't ibang mga hakbangin para makapanumbalik ang operasyon ng mapaminsalang mina." Panghuli, panawagan ni Paragua na "dapat na isulong ang demokratikong rebolusyong bayan kasama ang iba pang mga demokratikong uri at sektor sa lipunang Pilipino na inaapi at pinagsasamantalahan. Dapat na palakasin ang pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas sa probinsya, isulong ang armadong pakikibaka, at palawakin ang mga lihim at rebolusyonaryong organisasyong masa sa Palawan upang makamit ang kalutasan sa malaon nang suliranin at hinaing ng masang Palaweño sa kanilang buhay, kabuhayan, karapatan at kagalingang panlipunan."



Kolum ni Andrei Bon Guerrero, tagapagsalita ng BVC-NPA Palawan.




# Hinggil sa pagtatanggol sa soberanya at ang pangangailangan ng armadong pakikibaka sa Palawan

Marubdob na pagbati ng pakikipagkaisa at puspusang paglaban!

Ngayong sumasambulat na sa mga balita ang baho ng bulok na rehimeng US-Marcos-Duterte dulot ng pagkakalantad sa walang kahihiyaang pandaraya sa eleksyong 2022 na nagluklok sa kanila sa tuktok ng kapangyarihan ng lipunang malapyudal at malakolonyal; ang pangangayupapa sa US para sa usapin sa West Philippine Sea; ang walang kabusugang pagkopo sa kabang-yaman ng bayan sa anyo ng Maharlika Investment Fund at Confidential & Intelligence Fund; ang inutil na pagharap sa pagsirit ng mga pangunahing bilihin at serbisyo na hatid ay masidhing kahirapan at malaganap ng kagutuman, mainam na pasadahang muli ang mga nilalaman ng mga ito, sa lente at katumpakan ng ating makauring paninindigan at pakikibaka. At bilang paunang labas natin sa ikatlong kwartong edisyon ngayong taon, maigi na makita ng mga kababayang mambabasa ang pangangailangan ng nagkakaisang pagkilos tangan ang Pulang bandila para sa adhikaing pambansang kalayaan at demokrasya.

Sa pagdiriwang at pagsasariwa nitong buwan ng Agosto sa di-matatawarang iniambag ng ating magigiting na mga bayani, tumampok ngayon ang usapin kung paano natin maipaglalaban ang pambansang soberanya at teritoryal na integridad ng bansa laban sa imperyalismong US na higit isang siglo nang nang-aalipin sa atin at sa imperyalistang China na nangangamkam sa ating teritoryo.

Tampalasang ginamit ng berdugong AFP at ng amboy na hepe nito na si General Romeo Brawner Jr. ang insidente ng pambobomba ng tubig ng Chinese *coast guard* sa isang barko ng Philippine Navy para bigyang-matwid ang pagrerekluta at pagsasanay ng mga mangingisdang pumapalaot sa WPS upang maging bahagi ng grupong paramilitar at maging reserbang-pwersa raw para sa pagtatanggol ng karagatang saklaw ng Exclusive Economic Zone (EEZ) ng Pilipinas.

Sa ganito , lalong ipinapahamak ang mga pobreng mangingisda – inuumang sa lumalalang sigalot sa ating katubigan! Dahil ba sa naging insidente ng pambobomba ng tubig ng Chinese Coast Guard sa Ayungin Shoal ay gagawing pambala-ng-kanyon ang mamamayang Palaweño? Ngayong sinasabi na tutustuunan na

nila ang papalawak na presensya at *swarming* ng mga barko ng China, nasaan na ang magiging at ipinagyayabang nilang mga tropa na MBLT-3, 7 at 9? Ano ang silbi ng modernisasyon ng AFP, pinapalaking ayuda at pondo, suportang militar at teknikal, at mga ehersisyong-militar sa pangunguna ng imperyalistang US sa WESCOM? Kung totoo ang sinasabi ng AFP at WESCOM na 'insurgency-free' na ang Palawan at itututok na nila ang kanilang mga tropa sa pagtatanggol sa WPS, bakit hanggang ngayon hindi nila maideploy ang mga yunit na ito na *elite troops* ng Philippine Navy bilang kapalit ng Philippine Coast Guard sa mga pinag-aagawang teritoryo? Bakit kailangan pang magrekrut sa hanay ng mga mangingisdang Pilipino?

Bilang sagad-saring tuta ng imperyalismong US, sinusuhayan ng rehimeng Marcos ang ginagawang pang-uupat ng US para sumiklab ang gyera sa WPS at Indo-Pacific. Bukas-palad niyang pinauunlakan ang sunud-sunod na ehersisyong militar ng US at mga kaalyado nito at pagpaparami ng base militar nito sa bansa sa ilalim ng Indo-Pacific Strategy laban sa China. Imbes na maalarma, ipinagbunyi pa nito ang pagdating ng US 7th *fleet*! Tila nagpapaligsahan na nga ang US at China sa WPS at buong South China Sea. Ang masamang epekto ng paligsahan nila sa paramihan ng *warships* na nakadeploy sa WPS, mga tropang militar, at *aerial surveillance* ay matinding ligalig sa hanay ng masa, dislokasyon sa hanapbuhay nila at ang pagkakasaid at pagkawasak ng ating yamang dagat. Pinapaypayan pa ng mapanghating *posts* sa *social media platform* ang namumuong tensyon sa magkabilang kampo; naitutulak ang bayan na pumili maalinman sa imperyalistang US o China – pulis-pangkalawakan bang US o ang mas pinapaboran ng matandang Duterte na *rising giant* na China?

Kailanman ay hindi katanggap-tanggap na maging kasangkapan ang Pilipinas sa nilulutong gyera ng US laban sa China. Lalo't higit ang iasa ang pagtatanggol sa pambansang teritoryo at soberanya sa imperyalistang US na siya mismong numero unong magnanakaw ng ating pambansang kalayaan. Ang solusyon ay dapat tumayo at manindigan ang sambayanang Pilipino para sa sarili at ipaglaban ang pambansang kalayaan at demokrasya at ipatupad ang nagsasariling patakarang panlabas.

Katanggap-tanggap ba ang paggigiit ng US at mga kaalyado nito sa 'kalayaan sa paglalayag' sa South China Sea, gayong kitang-kita namang ginagamit lamang nila itong panabing para sa pang-ekonomyang interes? Tama bang habang nakagapos ang ating bayan sa mga hindi pantay na tratadong militar pabor sa hegemonya at dominasyon nito ay gamitin ang teritoryo ng bansa bilang lunsaran ng kanilang paghahanda sa nakaambang pakikidigma sa China?

Mas nakakapanting ng tenga pa na malaman natin na sa kabila ng kawalan at kung mayroon man ay inutil na pagtugon ng rehimen sa lumalalang kondisyon ng ating ekonomya at ampatin ang pagsirit ng mga pangunahing bilihin at yutilidad, heto at kamukat-mukatang ginagastusan ng pondo ng bayan ang mga itinatayong base militar ng US sa bansa! Sa tabing ng modernisasyon ng AFP at Philippine Coast Guard (PCG) ay pansariling ganansya at garapalang pagpapabundat ang pinagkakaabalahan ng mga kroni, opisyales at mga heneral ng pasistang naghaharing uri. Pinipiga nila at ginagawang gatasan ang pondo ng mga proyektong pangkabuhayan at sa mismong alokasyon mula sa kontra-mamamayang *national budget* ng administrasyong Marcos Jr.

Dapat tanganan ng mamamayang Palaweño ang sinimulang paglaban at pagpupunyaging gapiin ang mapanupil na estado at ang mga amo nitong imperyalista at huwag mahulog sa makitid na nasyunalismong ipinamamarali ng huli.

Nasa landas ng rebolusyonaryong pakikibaka ang katiyakan at katumpakan sa pagtatanggol ng ating soberanya at teritoryal na integridad. Tulad ng tinahak na landas nila Bonifacio, Sakay, Heneral Luna at iba pa na nagbuwis ng buhay para sa bayan, tanging sa pagtangan ng armas at paglaban sa mapanggyerang imperyalismong US at *rising giant* na China maipagwawagi natin ang tunay na pambansang kalayaan at demokrasya. Kaya't sa tradisyon ng pambansa-demokratikong pakikibakang sinimulan ng Katipunan sa rebolusyong 1896 , ipinagpapatuloy ng Bagong Hukbong Bayan ang naunang misyon sa pamamagitan ng paglulunsad ng bagong tipo ng pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Walang saysay ang anumang patutsada at ilusyong nais ihabi ng pangkating Marcos-Duterte na pinulbos na nila ang NPA sa ating isla; hangga't may pang-aapi at pagsasamantala may batayan at makatarungan ang mag-armas at lumaban ang mamamayan. Mahigpit na kaagapay at katuwang nila ang pinakamamahal nilang Hukbo – 'pagkat kung wala ang Pulang Hukbo, walang anuman ang masa. APL

# PULANG SALUDO

***Katapangan hanggang huling hininga ang bumubuhay sa isang martir lampas sa kanyang kamatayan.*** *Sa seksyong ito, kinikilala at dinadakila natin ang mga kasamang nagbuwis ng buhay para sa sambayanan. Inaalala natin ang kanilang naging dakilang ambag, kasaysayan at buhay-pakikibaka. Pulang saludo sa inyong mabubuting anak ng bayan! Mabuhay kayong mga di-pangkaraniwan!*

## Noli "Ka Selnon" Siasico



Magiting na Pulang kumander. Kadre ng Partido. Mabuti at palabirong kasama. Ganito mailalarawan ng karamihan si Noli Siasico na mas kilala bilang Ka Homer, Lines, Celnon at iba pa. Kabilang siya sa mga bayaning nabuwal sa mapait na depensibang labanan noong Setyembre 3, 2020 sa Sityo Kibuyon, Brgy. Mainit, Brooke's Point kasama ang apat pang mga kasama. Siya ang noo'y kumander ng BHB sa Palawan at bahagi ng namumunong komite ng PKP sa probinsya.

Tubong Ilvita, Sablayan, Occidental Mindoro si Ka Lines. Namulat at naorganisa ang kanyang pamilya kasabay ng paglakas ng kilusang magsasaka sa probinsya noong dekada 1980. Nakalahok siya sa mga pakikibakang magsasaka kabilang ang laban sa panginoong maylupang Campano-Guevarra, Mendiola, Almeda, Ramirez at Cojuangco.

Pinanday ng pakikibakang magsasaka, naging kasapi siya ng Milisyang Bayan sa kanilang baryo hanggang sa sumampa sa Hukbo noong 1985. Sa Hukbo, nagpatuloy siyang mag-aral at magpanday ng sarili bilang lingkod ng uring api. Umunlad siya mula sa pagiging opisyal medikal ng iskwad at kumpanya, opisyal sa lohistika, hanggang sa maging iskwad lider at platun lider ng mga yunit ng Hukbong Bayan sa Mindoro. Malaki ang papel na ginampanan niya sa pagharap at pagbigo sa mga kampanyang militar sa loob ng halos apat na dekadang paglilingkod. Umangat siya sa katungkulan mula sa pagiging mandirigma tungong kumander ng teritoryal na kumand sa operasyon sa isla ng Mindoro at Palawan dahil sa mahabang rekord ng mabuti at matapat na paglilingkod sa rebolusyon at kahusayan bilang kadreng militar.

Hindi niya inalintana ang kanyang mga karamdaman. Nagkasakit siya noong 2007 na halos ikamatay niya (fatty liver, bato sa apdo at problema sa pancreas). Walang sinusukuang gawain si Ka Lines. Para sa kanya, basta kaya, larga. Wala pang kupas ang kanyang katapangan at kapangahasan. Inspirasyon si Ka Lines ng bawat kasama dahil sa kanyang katatagan at dedikasyon sa rebolusyon. Matiyaga niyang tinanganan at tinupad ang kanyang mga tungkulin, kapiling ng mga kasama, sa pinakamahihirap na kalagayan at sitwasyon, sa gitna man ng gutom, sakripisyo o panganib. Hindi siya kailanman nag-alinlangan sa pagtupad sa kanyang tungkulin, kahit kaakibat nito ang mas malalaking hamon at sakripisyo na kanyang kinaharap hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay.

Tapat sa Partido at rebolusyon, sa gitna ng maraming kakapusan at kakulangan, matapang na hinarap ni Ka Lines ang mga usapin sa pagkilos, sa diwa ng pagpupuspos ng pagwawasto sa mga estilo ng pamumuno at paggawa. Mapagpakumbabang tinanggap niya ang hamon na maipakat sa Palawan upang magdagdag ng lakas sa tangkas ng mga kadre sa pagpapalakas ng Hukbong Bayan sa probinsya. Bagaman ang kapalit nito ay ang pagkalayo sa nag-iisang anak at sa pamilya, bukas ang loob niyang tinanggap ang bagong disposisyong ito, tinupad nang walang pasubali ang atas ng Partido at inialay ang kaisa-isa niyang buhay.